

PAMPUBLIKONG PAUNAWA  
2020

Mayo 13,

## **Ang Pagpapatupad ng Paradahan para sa Paglinis ng Kalye ay Magpapatuloy Lunes, Mayo 18**

Matapos ang siyam na linggo ng amnestiya para sa mga sitasyon sa paglinis ng kalye, ang Lungsod ng Long Beach ay magpapatuloy sa pagpapatupad ng paradahan sa Lunes, Mayo 18.

Sa nagdaang dalawang buwan, ang mga operasyon ay nagpatuloy sa mga lugar na madaling mapuntahan ng tagapaglinis. Ngunit sa maraming kapitbahayan, ang kawalan ng pag-access sa kalye ay humantong sa pag-iipon ng mga kalat na nagbabanta sa kakayahan ng Lungsod na matugunan ang pambansang pamantayan para sa malinis na daanan ng tubig.

Ang paglinis ng kalye ay isang kritikal na serbisyo sa kalusugan, na nangongolekta ng libu-libong tonelada ng mga kalat at pumipigil sa paghugas ng mga pollutant sa karagatan o ilog. Ang mga kalye ay maaari lamang malinis ng epektibo kung ang mga kotse ay wala sa landas ng mga tagapagwalis.

Mula Mayo 4, ang mga empleyado ng Kagawaran ng Public Works ay naglagay ng mga paalala sa Ingles, Espanyol, Khmer, at Tagalog sa mga sasakyan na hindi inilipat sa oras ng paglilinis ng kalye. Ang mga paalala ay nag-aabiso sa mga residente tungkol sa magagamit na mapagkukunan ng paradahan sa buong Lungsod at ipinaalam sa mga tao na ang pagpapatupad ng paradahan ay magpapatuloy sa Mayo 18.

Ang amnestiya para sa paradahan ay unang inilagay bilang isang plano sa pag ginhawa ng ekonomiya para sa mga residente sa panahon ng COVID-19. Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap upang matugunan ang mga epekto ng paradahan na sanhi ng COVID-19, ang Lungsod ng Long Beach ay gumawa ng higit sa 4,000 paradahan na magagamit. Ang mga puwang ng paradahan ay matatagpuan sa buong lungsod. Ang isang buong listahan ng mga pagpipilian ng paradahan ay makikita [dito](#). Ang paradahan para sa mga residente, na may permiso, ay magpapatuloy hanggang sa karagdagang paunawa.

Ang mga katanungan sa media ay maaaring idirekta sa Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach sa 562.570.NEWS o [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov). Ang

mga residente ar maaaring tumawag sa 562.570.INFO para sa kanilang mga katanungan.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###